Department of Revenue
Washington State

**Form 50 0011**

Administrative Review &
Hearings Division
PO Box 47460
Olympia WA 98504-7460
Telepono 360-534-1335
Fax 360-534-1340
DORARHDAdmin@dor.wa.gov

# Petisyon sa Pagrerepaso ng Working Families Tax Credit

I-type o i-print at maglakip ng kopya ng abiso/item na inireklamo at lahat ng sumusuportang dokumento sa iyong kahilingan para sa tulong. Maaaring ihain ang mga petisyon sa pamamagitan ng koreo, fax, o email. Nasa kaliwa ang mailing address, numero ng fax, numero ng telepono, at email address. Ang mga ipinadalang petisyon ng US Postal Service ay itinuturing na na-file sa petsa ng postmark. Ang mga isinampang petisyon sa pamamagitan ng ibang mga pamamaraan ay itinuturing na na-file sa petsa na natanggap ito.

I-print ang form | I-reset ang from

## 1 Impormasyon ng nagbabayad ng buwis

Ibigay ang pangalan at numero ng account ng indibidwal na nag-apply para sa Working Families Tax Credit.
Magbigay ng wastong mailing at/o email address para makatanggap ng sulat na nangangailangan ng napapanahong tugon.

Pangalan: ______ Numero ng account: ______
Mailing address: ______
Lungsod: ______ Estado: ______ Zip: ______
Telepono: ______ Email: ______

## 2 Impormasyon ng kinatawan

Kumpletuhin kung kakatawanin ka ng ibang tao sa petisyon na ito.

Pangalan: ______ Pangalan ng negosyo: ______
Mailing address: ______
Lungsod: ______ Estado: ______ Zip: ______
Telepono: ______ Email: ______

## 3 Pahayag/Bagay na Pinag-uusapan

☐ Pagtanggi sa Working Families Tax Credit ............. Halaga ng refund na inirereklamo (kung alam): $ ______
Letter ID: ______
(mga) Taon ng buwis: ______

☐ Pagsusuri/paunawa sa balance due ...................... Sinisingil/Halaga ng Dapat Bayaran na inirereklamo: $ ______
Letter ID: ______
(mga) Taon ng buwis: ______

☐ Iba pa..................................................................... Ipaliwanag sa seksyon 5 sa ibaba.

Para hilingin ang content nito sa ibang format, mangyaring tumawag sa 360-763-7300 o mag-email sa DORWFTC@dor.wa.gov.
Sa mga gumagamit ng Teletype (TTY), paki-dial ang 711.

## 4 Pagdinig

Maaari kang humiling ng pagdinig, personal man o hindi, para ipaliwanag ang iyong mga hinaing, magbigay ng mga impormasyon at mga sumusuportang dokumento, at sabihin sa amin kung bakit hindi ka sumasang-ayon sa departamento. Bisitahin ang ***workingfamiliescredit.wa.gov/review*** para sa karagdagang impormasyon.

☐ Walang hiniling na pagdinig. Magdesisyon batay sa petisyon at rekord.

☐ Humiling ng personal na pagdinig (☐ Tumwater o ☐ Seattle)

☐ Humiling ng malayong pagdinig (☐ Audio lang sa telepono o ☐ Video conference)

## 5 Mga hinaing at paliwanag

Tukuyin ang (mga) dahilan/(mga) hinaing na ibinigay ng departamento sa pagtanggi o pagtatasa nito na hindi mo sinasang-ayunan. I-check ang lahat ng naaangkop. Kung hindi mo pa nagagawa, magbigay ng nilagdaang (electroniko o pisikal) na kopya ng iyong inihain na pederal na buwis para sa nauugnay na (mga) taon ng buwis.

Sinasabi ng departamento para sa nauugnay na (mga) taon ng buwis:

☐ Ako o ang aking asawa ay hindi residente, o ako o ang aking asawa ay hindi residente ng Washington nang hindi bababa sa 183 araw ng taon.

Ipaliwanag at magbigay ng patunay ng iyong paninirahan sa panahon ng (mga) taon ng buwis. Ang mga tatanggaping patunay sa iyong paninirahan dito sa Washington ay maaring kasama na dito, pero hindi limitado sa mga sumusunod:

1. Katibayan na ikaw ay nakatira dito sa Washington na hindi bababa sa 183 na araw sa loob ng isang taon (kopya ng iyong kontrata sa renta ng apartment, kopya ng resibo sa mortgage, kopya ng iyong utility bills, at iba pa).

2) Kopya ng iyong Washington Driver's License.

3) Kopya ng registration card na nagpapatunay na ikaw ay puwedent bumoto sa estado ng Washington.

4) Kopya ng registration card ng iyong sasakyan na nakatala sa estado ng Washington.

5. Katibayan ng pagtanggap sa iba pang benepisyo ng estado ng Washington (Pansamantalang Tulong sa mga Pamilyang Nangangailangan (Temporary Assistance for Needy Families, TANF), Programa na Tulong sa Karagdagang Nutrisyon (Supplemental Nutrition Assistance Program, SNAP), benepisyo sa kawalan ng trabaho, atbp.).

6. Iba pa – magpaliwanag at magbigay ng sumusuportang dokumento.

☐ Hindi ako nag-file ng federal income tax return bilang residente ng Washington.

☐ Hindi ko naabot ang pagiging karapat-dapat sa pederal na Kredito sa Buwis na Kinita (Earned Income Tax Credit, EITC).

☐ Ang aking anak/mga anak ay hindi kwalipikadong anak/mga anak. Suriin ang lahat ng mga dahilan na ibinigay ng departamento.

☐ Edad (Dapat maabot ng mga kwalipikadong bata ang ilang partikular na edad, kapansanan, at/o buong panahong kinakailangan ng mga estudyante.)

☐ Relasyon (Ang mga kwalipikadong bata ay dapat na isang partikular na direktang tagapagmana, ampon, o kinupkop na anak.)

☐ Paninirahan (Ang mga kwalipikadong bata sa pangkalahatan ay dapat manirahan sa Washington nang higit sa kalahating taon, maliban sa kapanganakan/pagkamatay ng bata o oras na pansamantalang wala sa tahanan.)

☐ Joint Return ( Ang mga kwalipikadong anak ay maaari lamang mag file ng joint return kasama ang ibang tao base sa ilang pangyayari.

☐ Humiling ako ng halaga ng Working Families Tax Credit na iba kaysa sa natanggap ko – magpaliwanag at magbigay ng sumusuportang dokumentasyon.

☐ Iba pa – magpaliwanag at magbigay ng sumusuportang dokumento.

## 6 Lagda, awtorisasyon sa kumpidensyal na impormasyon sa buwis, at awtorisasyon sa email o FAX

Dapat lagdaan ng nagbabayad ng buwis ang petisyon. Gayunpaman, kung mayroon kaming Awtorisasyon sa Kumpidensyal na Impormasyon sa Buwis (Confidential Tax Information Authorization, CTIA) para sa iyong kinatawan na nasa file, maaaring lagdaan ng iyong kinatawan ang petisyon. Maaaring isumite ang CTIA kasama ang Petisyon na ito at makikita sa *workingfamiliescredit.wa.gov/ctia*. Dapat ding lagdaan ng nagbabayad ng buwis ang petisyon kung pinahihintulutan ang paggamit ng email o fax.

**Nagbabayad ng buwis (o kinatawan):**
Sa pamamagitan nito, pinatutunayan ko na (1) ako ang nagbabayad ng buwis na pinangalanan sa itaas; o (2) Ako ang kinatawan ng pinangalanang nagbabayad ng buwis sa itaas, awtorisadong isagawa ang form na ito sa ngalan ng nagbabayad ng buwis, awtorisadong tumanggap ng kumpidensyal na impormasyon sa buwis mula sa departamento sa lahat ng mga bagay na iniharap sa petisyon ng nagbabayad ng buwis, at ang pinangalanang nagbabayad ng buwis sa itaas ay nagsagawa ng isang CTIA form na maaaring nakalakip sa petisyon na ito o nasa file ng departamento.

☐ Suriin kung ang departamento ay maaaring magpadala ng sulat sa pamamagitan ng email o fax. Kinikilala ko na ang mga komunikasyon sa email at fax ay hindi secure, at ang kumpidensyal na impormasyong ipinadala sa pamamagitan ng email o fax ay maaaring maharang at magamit ng mga hindi awtorisadong tao. Tinatanggap ko ang mga kondisyong ito at isinusuko ko ang anumang paglabag sa Secrecy Clause (Nirebisang Batas ng Washington (Revised Code of Washington, RCW) 82.32.330) na maaaring magmula sa isang hindi awtorisadong pagharang at/o paggamit ng email o fax.

Pangalan:

Lagda:

Petsa: Kaugnayan sa nagbabayad ng buwis:

Pangalan:

Lagda:

Petsa: Kaugnayan sa nagbabayad ng buwis: